## Tungkol Saan ang Modyul Na Ito?

Ang ating pambansang watawat, awit at wika ang tatlo sa pinakamahalagang simbolo ng ating  bansa. Sila ay kumakatawan sa kalayaan at katapangan ng mga Pilipino na namatay sa pakikipaglaban para sa ating bansa. Sila ay kumakatawan sa lahat ng Pilipino at sa lahat ng pangarap para sa minamahal na inangbayan.

Nagtataka ka ba kung paano nagawa ang ating pambansang watawat at kung ano ang sinisimbolo nito? At saka kung paano nalikha ang ating pambansansang awit? Narinig mo na ba o nabasa kung paano ang ating pambansang wika nagumpisa? Sa modyul na ito, malalaman mo ang kasaysayan ng ating pambansang watawat, awit, at pambansang wika. Habang mas marami kang natututuhan ukol sa kanila, mararamdaman mo na ikaw ay Pilipino.

Ang modyul na ito ay nahahati sa tatlong aralin:

Aralin 1 – *Kasaysayan at ang Kahulugan ng Ating Pambansang Watawat*

Aralin 2 – *Paano Ang Ating Pambansang Awit Nalikha*

Aralin 3 – *Kung Paano Nagumpisa Ang Ating Pambansang Wika*

## Anu-ano ang mga Matututuhan?

Pagkatapos mong mapagaralan ang modyul na ito, dapat ay alam mo nang:

- kilalanin ang mga Pilipino na siyang gumawa ng pambansang watawat ng Pilipinas;
- ibigay ang kahulugan ng ibat-ibang bahagi at kulay ng pambansang watawat ng Pilipinas;
- kilalanin ang mahahalagang tao na gumawa ng pambansang awit ng Pilipinas;

- maipaliwanag ang kahalagahan ng pambansang wika at gamitin natin sa bawat pagkakataon; at
- ipakita ang paggalang sa ating mga pambansang simbolo.



## Anu-ano na ang mga Alam Mo?

Bago tayo magumpisang magaral ng modyul na ito, kunin ang pagsusulit na ito para malaman kung gaano na ang iyong kaalaman tungkol sa paksang ito. Isulat ang letra ng tamang sagot sa espasyo sa unahan ng bawat numero.

_____ 1. Siya ang nagbalangkas ng pambansang watawat ng Pilipinas.

a. Manuel Quezon

b. Andres Bonifacio

k. Emilio Aguinaldo

_____ 2. Siya ang nagtahi ng unang watawat ng Pilipinas.

a. Gabriela Silang

b. Melchora Aquino

k. Marcela Agoncillo

_____ 3. Ang tatlong bituin sa ating pambansang watawat ay kumakatawan __________.

a. Luzon, Visayas at Mindanao

b. Gomez, Burgos at Zamora

k. Pagmamalaki, dangal at pagkamakabayan

_____ 4. Siya ang lumikha ng himig ng pambansang awit ng Pilipinas.

a. Julio Garcia

b. Juan Dela Cruz

k. Julian Felipe

_____ 5. Siya ang sumulat ng titik ng pambansang awit ng Pilipinas.

a. Jose Palma

b. Jose Burgos

k. Jose Rizal

_____ 6. Ang ating pambansang awit ay pinamagatang ___________.

a. Bayang Magiliw

b. Lupang Hinirang

k. Lupang Hiniram

_____ 7. Ang wikang ito ay pinili bilang batayan ng ating pambansang wika.

a. Cebuano

b. Ilocano

k. Tagalog

_____ 8. Siya ang Ama ng Pambansang Wika.

a. Manuel Quezon

b. Manuel Roxas

k. Carlos Romulo

_____ 9. Para magkaroon ng pagkakaisa, mahalaga na magkaroon tayo ng __________.

a. pambansang watawat

b. pambansang wika

k. pambansang awit

_____ 10. Ang pambansang wika ng Pilipinas ay __________.

a. Pilipino

b. Tagalog

k. Pilipina

Mabuti, o paano? Palagay mo ba ayos ang sagot mo? Ihambing ang sagot mo sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 36.

Kung tama lahat ang sagot mo, mabuti! Ibig sabihin marami ka ng nalalaman ukol sa paksa sa modyul na ito. Maaari mo pa ring pagaralan ang modyul na ito para magbalik aral sa mga alam mo na. Malay mo, meron ka pa ring matutuhang mga bagong bagay ukol dito.

Kung mababa ang iskor na nakuha mo, hu'ag kang magisip ng di-mabuti. Ibig sabihin ang modyul na ito ay para sa iyo. Makakatulong ito na maintindihan mo ang mahahalagang kaisipan na maaari mong gamitin sa iyong pangaraw-araw na buhay. Kung pagaaralan mong maigi ang modyul na ito, matutuhan mong sagutin ang lahat ng tanong sa pagsusulit at sa iba pa! Handa ka na ba?

Maaari ka ng pumunta sa susunod na pahina para magumpisa ng Aralin 1.

# ARALIN 1

# Kasaysayan at Kahulugan ng Ating Pambansang Watawat

Nakikita mo ang watawat ng Pilipinas sa lahat ng pampublikong pook tulad ng paaralan, tanggapan ng pamahalaan, liwasan at iba pa. Nakikita mo rin ito sa maraming pansariling lugar. Alam mo ba kung ano ang sinasagisag ng kulay at mga bahagi nito?

Sa aralin na ito, malalaman mo kung sino ang mga taong gumawa ng unang watawat ng Pilipinas. Matututuhan mo rin kung ano ang isinasagisag ng kulay at mga bahagi nito?



## Subukan Natin Ito

Sa ibaba nito ay may ilang mahirap na salita na matatagpuan mo sa mga aralin. Tingnan ang kahulugan ng bawat salita sa Talahuluganan sa pahina 45-44. Kung alam mo ang kahulugan nito, madali mong maiintindihan ang iyong binabasa.

- Idistyero
- Sugo
- Maghihimagsik
- Kasanayan
- Iguhit

## Basahin Natin Ito

Basahin at alamin kung paano ginawa ang watawat ng Pilipinas. Sino ang nagdisenyo nito? Sino ang gumawa nito?



Si ***Heneral Emilio Aguinaldo*** ang nagdisenyo ng unang watawat ng Pilipinas. Ginawa niya ito ng ipatapon siya sa Hongkong. Dinala niya ang guhit ng kanyang disenyo kay ***Felipe Agoncillo***. Si Agoncillo ang sugo ng pamahalaang rebolusyonaryo na pinangungunahan ni Aguinaldo.

Inatasan ni Heneral Aguinaldo si ***Marcela Agoncillo***, asawa ni Felipe, na tahiin ang unang watawat ng Pilipinas. Si Marcela ay bihasa sa pananahi. Malugod niyang tinanggap ang karangalang gumawa ng watawat. Agad niyang sinimulang gawin ito. Siya ay natutuwa na mayroon siyang ginagawang mahalaga para sa inang bayan.

## Pagisipan Natin Ito

Kung ikaw ay si Marcela Agoncillo, papayag ka ba na tahiin ang unang watawat ng Pilipinas. Bakit o Bakit hindi? Maari mong isulat ang iyong sagot sa patlang sa ibaba.

______________________________________________________________________________


______________________________________________________________________________

______________________________________________________________________________

Ihambing ang iyong sagot sa sagot na ibinigay sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 36.

## Basahin Natin Ito


Basahin at alamin kung sino ang tumulong kay Marcela Agoncillo na tumahi ng unang watawat ng Pilipinas. Sila ay sina ***Lorenza Agoncillo***, anak ni Marcela at si ***Delfina Herbosa de Natividad***, pamangkin ni Dr. Jose Rizal. Ang tatlong babae ang naghirap sa paggawa ng watawat. Pagkatapos ng limang araw, iniharap ni Marcela ang watawat kay Heneral Emilio Aguinaldo.



Sino ang tumulong kay Marcela Agoncillo sa paggawa ng unang watawat ng Pilipinas. Kung sinabi mong si Lorenza Agoncillo at Delfina Herbosa de Natividad, tama ka.

## Basahin Natin Ito

Ano ang kinakatawan ng watawat ng Pilipinas? Alam mo ba kahulugan ng mga kulay at bahagi nito? Magbasa!



Ang itaas na bahagi ng pambansang watawat ng Pilipinas ay bughaw. Ang **bughaw** na bahagi ay sumasagisag sa kapayapaan, katotohanan at hustisya. Ang ibabang bahagi ay pula. Ang **pulang** bahagi ay sumasagisag sa pagka makabayan at katapangan. Ito ay sumasagisag sa katapangan ng mga Pilipino na handang mamatay na lumalaban para sa kanyang bansa.

Ang ***puting tatsulok*** ay nakikita sa kaliwang bahagi ng pambansang watawat. Masdan na ang mga gilid ng tatsulok ay parehas. Ito ay sumasagisag sa pagkakapantay-pantay ng mga Pilipino. Ang **puti** ay sumasagisag sa kadalisayan o kaligtasan sa kasamaan.

Ang ***araw*** at ***tatlong bituin*** ay nasa loob ng puting tatsulok. Ang **araw** ay may walong sinag. Ang mga ito ay kumakatawan sa unang walong lalawigan na nakipaglaban sa Espana. Ang mga lalawigan na ito ay ang *Maynila*, *Laguna*, *Pampanga*, *Cavite*, *Bulacan*, *Nueva Ecija*, *Batangas* at *Tarlac*. Ang **tatlong bituin** sa paligid ng araw ay kumakatawan sa tatlong malalaking pulo: *Luzon*, *Visayas* at *Mindanao*.

Ang ating *pambansang watawat* ay isa sa pinakamagandang simbolo ng ating bansa. Ito ay kumakatawan sa pakikipaglaban ng mga Pilipino para makamit ang kalayaan. Ito ay sumasagisag sa kalayaan. Dapat nating ipagmalaki ang ating pambansang watawat at igalang ito sa lahat ng oras.




## Magbalik-aral Tayo

A. Subukin nating iparehas ang mga bagay na nasa hanay A sa mga bagay na nasa hanay B. Pagugnayin ang mga ito ng guhit.

| **A** | **B** |
|---|---|
| Bughaw na bahagi | Unang lalawigan na lumaban sa Espana |
| Mga Bituin | Kapayapaan, katotohanan at hustisya |
| Pulang bahagi | Pagka-makabayan at katapangan |
| Walong sinag ng araw | Tatlong malalaking pulo ng Pilipinas |
| Tatsulok na may parehas na gilid | Pagkapantay-pantay ng mga Pilipino |

B. Kulayan ang pambansang watawat sa ibaba. Siguraduhin na gumamit ng tamang kulay sa bawat bahagi.



Natapos mo na ba ang pagsasanay? Ihambing ang iyong sagot doon sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 37.

O ano? Nakuha mo ba lahat ang tamang sagot? Kung nakuha mo, mabuti! Kung nagkamali ka, hu'ag kang magalaala. Magbalik-aral sa mga bagay na hindi mo nakuha.

## Tandaan Natin

- Si **Heneral Emilio Aguinaldo** ang nagdisenyo ng pambansang watawat ng Pilipinas.
- Si **Marcela Agoncillo** ang tumahi ng unang pambansang watawat ng Pilipinas sa tulong ng kanyang anak, si **Lorenza Agoncillo** at si **Delfina Herbosa de Natividad**, pamangkin ni Dr. Jose Rizal
- Ang ***bughaw*** na bahagi ay sumasagisag ng kapayapaan, katotohanan at hustisya.

- Ang ***pulang bahagi*** ng watawat ay sumasagisag sa pagkamakabayan at katapangan. Ito rin ay sumasagisag sa mga Pilipinong handang mamatay sa pakikipaglaban para sa ating bansa.
- Ang ***puting tatsulok*** ay sumasagisag sa kadalisayan at kalayaan sa masama. Ang ***parehas na gilid*** ng tatsulok ay kumakatawan sa pagkapantay-pantay ng mga Pilipino.
- Ang ***walong sinag*** ng araw ay kumakatawan sa walong lalawigan na nakipaglaban sa Espana.
- Ang ***tatlong bituin*** sa paligid ng araw ay kumakatawan sa tatlong malalaking pulo. Ito ay ang Luzon Visayas at Mindanao.

## Alamin Natin ang Iyong mga Natutuhan

Bago mo matapos ang pagaaral sa aralin na ito, sagutin ang pagsasanay sa ibaba para malaman kung gaano na ang iyong natutuhan sa araling ito. Punuin ang puwang ng iyong tamang sagot.

1. Si Heneral Emilio Aguinaldo ang nagdisenyo ng unang _____________________.
2. Nagdala siya ng disenyo kay _____________________, ang sugo sa pamahalaang rebolusyonaryo.
3. Ang taong nagtahi ng unang watawat ng Pilipinas sa tulong ni Lorenza Agoncillo at ni Delfina Herbosa de Natividad ay si _____________________.
4. Ang kulay ng itaas na bahagi ng pambansang watawat ay _____________________.
5. Ang kulay na ito ay kumakatawan sa kapayapaan, katotohanan at _____________________.
6. Ang ibabang bahagi ng watawat ng Pilipinas ay _____________________.

7. Ang kulay na ito ay sumasagisag ____________________, katapangan at ang kahandaan ng mga Pilipino na mamatay para sa bansa.

8. Ang puting ____________________ ay nasa kaliwang bahagi ng pambansang watawat.

9. Ang tatlong bituin ay kumakatawan sa ____________________ ng Pilipinas.

10. Ang ____________________ ay sumasagisag sa walong lalawigan na nakipaglaban laban sa Espana.

Ihambing ang iyong sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 38.

O ano, kumusta? Nakuha mo ba ang tamang sagot? Kung nakuha mo lahat ang sagot, binabati kita! Ibig sabihin ay marami kang natutuhan sa aralin na ito. Handa ka na talaga para sa susunod na aralin.

Kung ang iskor mo ay 8 o 9, magaling! Kailangan mo na lang ibalik aral ang mahihirap na puntos sa aralin na ito.

Pero, kung ang iskor mo ay 7 o mababa pa sa rito, kailangang ibalik aral mo ang buong aralin para maintindihan itong mabuti.

## Aralin 2

# Paano ang Ating Pambansang Awit Nabuo

Alam mo ba kung ano ang pambansang awit? Ito ay awit ng pagpupuri sa isang bansa. Ang ating pambansang awit ay sumasagisag sa kalayaan at kasarinlan. Alam mo ba kung ano ang pambansang awit ng Pilipinas? Ang ating pambansang awit ay *Lupang Hinirang*. Alam mo bang umawit ng ating pambansang awit? Kaya mo bang bigkasin ang mga liriks ng taos sa puso. Alam mo ba kung paano ang ating pambansang awit ay nabuo?

Pagkatapos mong mapagaralan ang aralin na ito, dapat ay alam mo ng:

- talakayin kung paano ang ating pambansang awit nabuo; at
- ipakita ang pagpapahalaga sa ating pambansang awit sa pamamagitan ng pagawit nito at pagbigkas ng liriks nito ng taos sa puso.

## Ating Awitin

### Lupang Hinirang

*Bayang magiliw*
*Perlas ng silanganan*
*Alab ng puso*
*Sa dibdib mo'y buhay.*

*Lupang hinirang*
*Duyan ka ng magiting*
*Sa manlulupig*
*Di ka pasisiil.*

*Sa dagat at bundok*
*Sa simoy at sa langit mong bughaw*
*May dilag ang tula*
*At awit sa paglayang minamahal.*
*Ang kislap ng watawat mo'y tagumpay na nagniningning*
*Ang bituin at araw niya*
*Kailanpama'y di magdidilim.*


*Lupa ng araw*
*Ng luwalhati't pagsinta*
*Buhay ay langit sa piling mo*
*Aming ligaya ng pag may mang-aapi*
*Ang mamatay ng dahil sa iyo.*

## Pagisipan Natin Ito

Naiawit mo ba ang pambansang awit ng Pilipinas? Ano ang sinasabi ng ating pambansang awit? Ano ang nararamdaman mo habang inaawit ang *Lupang Hinirang*?

______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________

Ihambing ang iyong sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 38.



## Alamin Natin

Ang pamagat ng pambansang awit ng Pilipinas ay L*upang Hinirang*. Isinasalaysay nito ang pakikipaglaban ng mga Pilipino para sa kalayaan. Ipinahahayag din nito ang pagka-makabayan at pagmamahal sa inang bayan at ang kahandaang mamatay sa pakikipaglaban para rito. Isipin natin ito habang inaawit ito.



## Subukan Natin Ito


Sa ibaba nito ay mga salitang madadaanan mo sa araling ito. Tingnan ang mga ito sa talahuganan sa pahina 43-44 para malaman ang ibig sabihin ng mga ito.

- Wika
- Taong bayan
- Pagkakaisa
- Pagsusuri
- Kayarian
- Sagisag



## Basahin Natin Ito

Bilang pinuno ng pamahalaang rebolusyonaryo, nakita ni **Heneral Aguinaldo** ang pangangailangan sa pambansang sagisag para magkaisa ang lahat ng Pilipino. Ang **pambansang awit** ay isa sa pinakamahalagang pambansang simbolo. Ipinakiusap ni Heneral Aguinaldo kay Julian Felipe na kumatha ng isang marangal na martsa. Ibig ni Aguinaldo na ang martsang ito ay tugtugin sa Pagpapahayag ng Kasarinlan sa Hunyo 12, 1898. Si **Julian Felipe** ay mahusay na piyanista at tagalikha mula sa Cavite.



Pagkatapos ng limang araw, natapos ni Julian Felipe ang martsa. Tinawag nila itong ***Marcha Nacional Filipina***. Nang marinig ito ni Aguinaldo at ng iba pang mga pinuno ng rebolusyonaryo, sila ay nagkasundo na ito ay tama para sa pambansang martsa.

Ang ***marcha nacional Filipina*** ay unang narinig noong **Hunyo 12,1898** sa **Kawit**, **Cavite**. Ito rin ang unang pagkakataon na ang pambansang watawat ay opisyal na iwinagayway.

Tinanggap ng mga Pilipino ang martsa pero sa pakiramdam nila ito ay may kulang. Dahil walang titik, ang Marcha Nacional Filipina ay isang martsa lamang.



## Pagisipan Natin Ito

Paanong ang *Marcha Nacional Filipina* ay naging *Lupang Hinirang*? Maari mong isulat ang iyong sagot sa ibaba.

______________________________________________________________________________
______________________________________________________________________________
______________________________________________________________________________

Ihambing ang iyong sagot sa halimbawang ibinigay sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 38.



## Basahin Natin Ito

Ang dalawampu’t tatlong taong gulang na si ***Jose Palma*** ay isang makata at isang sundalo. Nakita niya ang pangangailangan ng titik para sa *Marcha Nacional Filipina*, para maipahayag ang pagmamahal ng mga Pilipino sa kanilang bansa. Si Palma ay isang tauhan sa *La Independencia*, isang pahayagan na dati inilalathala sa Pangasinan. Ang batang si Palma ay nagpasiya na sumulat ng tula na aayon sa awit ng martsa. Ang tula ay pinamagatang Filipinas na sinulat sa Kastila.

Inilathala ng **La Independencia** ang iskor ng *Marcha Nacional Filipina* kasama ng titik ng tula ni Palma. Agad umayon ang mga Pilipino sa awit. Ang mga Amerikanong mananakop ay ipinagbawal ang pagawit ng Filipinas dahil sa pagiging bantog nito.



## Pagisipan Natin Ito

Ano ang gagawin mo kung may gustong magpatigil ng pagawit ng pambansang awit? Ikaw ba ay titigil o ipagpapatuloy mo ang pagawit nito? Bakit o Bakit hindi?


__________________________________________________________________________________________________

__________________________________________________________________________________________________

__________________________________________________________________________________________________

__________________________________________________________________________________________________

Ihambing ang iyong iniisip sa halimbawa sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 38.



## Alamin Natin

Ang ***Filipinas*** ay unang isinulat sa Espanol. Dalawang tao, si ***Camilo Osias*** at si ***M.A.L. Lane*** ang nagpasiya na isalin ito sa Ingles. Pero hindi lahat ng Pilipino ay marunong ng Kastila o Ingles, isinalin ni ***Felipe de Leon*** ang orihinal na lirik na Kastila sa Pilipino. Ito ay naging ***Lupang Hinirang***. Ngayon, ang pambansang awit ng Pilipinas ay inaawit sa Pilipino.



## Subukan Natin Ito

Ang nasa ibaba nito ay bahagi ng isinalin sa Ingles na pambansang awit. Tingnan natin kung kaya mong ibigay ang mga nawawalang salita. Piliin sa talaan ng mga salita sa kahon.

| | |
|---|---|
| manlulupig | bundok |
| langit | paglayang |
| dilag | pasisiil |
| hinirang | magiliw |
| magiting | Perlas |

Bayang ____________________,
____________________ ng Silanganan,
Alab ng puso,
Sa dibdib mo'y buhay.
Lupang ____________________,

Duyan ka nang ____________________,
Sa ____________________,
Di ka ____________________,

Sa dagat at ____________________,
Sa simoy at sa ____________________ mong bughaw,
May ____________________ ang tula,
At awit sa ____________________ minamahal.

Ihambing ang iyong sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 39.

## Tandaan Natin

- Ang pamagat ng pambansang awit ng Pilipinas ay *Lupang Hinirang*.
- Si Julian Felipe ang kumatha ng *Marcha Nacional Filipina*.
- Si *Jose Palma* ang sumulat ng tula, Filipinas. Ito ang naging liriko ng pambansang awit ng Pilipinas.
- Si *Camilo Osias* and *M.A.L. Lane* ang nagsalin ng Espanol na liriko nito sa Ingles.
- Si *Felipe de Leon* ang nagsalin ng orihinal na Espanol na liriko sa Pilipino na naging *Lupang Hinirang*.

## Alamin Natin ang Iyong mga Natutuhan

Bago mo matapos ang pagaaral ng araling ito, sagutin ang pagsasanay sa ibaba para malaman mo kung gaano na ang iyong natutuhan sa araling ito. Sagutin ang patlang ng tamang sagot.

1. Ang pambansang awit ng Pilipinas ay pinamagatang ______________________________.
2. Sinabihan ni Aguinaldo si ______________________________ para kumatha ng isang martsa na magiging bahagi ng paghahanda sa Pagpapahayag ng Kasarinlan.
3. Siya ay mahusay na piyanista at manlilikha mula sa ______________________________.
4. Ang pamagat ng martsa ay ______________________________.
5. Ang martsa na ito ay unang narinig noong ______________________________ sa Kawit, Cavite.
6. Ito ay noong ipahayag ang ______________________________ ng Pilipinas.

7. Ang batang makata na si ______________________________ ang sumulat ng tula na naging liriko ng martsa.

8. Ang tula ay pinamagatang ______________________________, at ito ay isinulat sa Espanol.

9. Si Camilo Osias at si M.A.L. Lane ang nagsalin ng pambansang awit sa ______________________________.

10. Ang nagsalin ng orihinal na Kastilang liriko sa Pilipino ay si ______________________________.

Ihambing ang iyong sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 39 ng modyul na ito.

Gaano ba ang nagawa mo? Kung tama lahat ang sagot mo, binabati kita! Ibig sabihin marami kang natutuhan sa araling ito. Ikaw ay talagang handa na para tumuloy sa Aralin 3.

Kung ang iskor mo ay 8 o 9, ‘yan ay mabuti! Kailangan na lang ay ibalik aral mo ang mahirap na mga bahagi ng aralin.

Subalit kung ang iskor mo ay 7 o mababa pa, kailangan ay ibalik aral mo ang buong aralin para maintindihang maigi.

## ARALIN 3


# Paano Nagmula Ang Ating Pambansang Wika

Alam mo ba kung ano ang ating pambansang wika? Kung ang sagot mo ay Pilipino, tama ka! Ang Pilipino ang pambansang wika ng Pilipinas. Sa palagay mo ay bakit mahalaga na mayroon tayong pambansang wika kahit pa tayo ay napakaraming wika? Malalaman mo ang sagot sa tanong na ito sa araling ito.

Pagkatapos pagaralan ang araling ito, dapat ay kaya mo ng:

- ♦ talakayin kung paano nagumpisa ang ating pambansang wika
- ♦ ilahad ang kahalagahan ng pagkakaroon ng pambansang wika.

## Basahin Natin Ito






## Pagisipan Natin Ito

May alam ka pa bang ibang wikang Pilipino? Anong wika omga wika ang ginagamit ninyo sa paguusap sa tahanan ninyo? Anong wika ang ginagamit mo sa pakikipagusap sa kaibigan mo? Maari mong isulat ang iyong sagot sa ibaba.

______________________________________________________________________________________
______________________________________________________________________________________
______________________________________________________________________________________
______________________________________________________________________________________
______________________________________________________________________________________

Ihambing ang iyong sagot sa mga halimbawang sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 40. Maari mong ipakita ang iyong sagot sa Namamahala sa Pagtuturo para sa paliwanag.



## Alamin Natin

May mahigit na 150 na wika at katutubong wika sa Pilipinas. Ang *Tagalog, Cebuano, Waray at Ilocano* ay ilan lamang sa mga wikang ito. Mayroong walong pangunahing wika sa Pilipinas. Ito ay ang *Tagalog, Cebuano,Ilocano, Hiligaynon, Bicolano, Waray, Kapampangan at Pangasinan*. Ang mga katutubong nagsasalita ng mga pangunahing wika ay binubuo ng walumpong bahagdan ng mga naninirahan. Karamihan sa mga Pilipino ngayon ay nagsasalita ng kanilang katutubong wika sa kanilang tahanan, sa halip na ang ating pambansang wika, ang *Pilipino.*



## Subukan Natin Ito

Alam mo ba na ang ilan sa mga siyudad at lalawigan kung saan ang pagunahing mga wika ang ginagamit sa pagsasasalita? Alamin ito sa pamamagitan ng pagtutulad ng wika sa Hanay A sa mga siyudad/lalawigan sa Hanay B. Gumuhit ng raya para pagkabitin ang magkabagay.

| **A** | **B** |
|---|---|
| Tagalog | Naga |
| Cebuano | Iloilo |
| Ilocano | Isabela |
| Hiligaynon | Pangasinan |
| Bicolano | Samar |
| Waray | Cebu |
| Kapampangan | Batangas |
| Pangasinan | Pampanga |

Ihambing ang inyong sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 40.

## Pag-isipan Natin Ito

Gusto mo bang ang Kastila o Ingles ang maging pambansang wika? Bakit o bakit hindi? Isulat ang inyong sagot sa ibaba.

________________________________________________________________________________

________________________________________________________________________________


________________________________________________________________________________

________________________________________________________________________________

Ihambing ang inyong sagot sa halimbawang sagot na ibinigay sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 41. Maaari mong ipakita ang iyong sagot sa iyong Namamahalang Magtuturo.

Bakit kailangan natin ang pambansang wika? Basahin para malaman.

## Basahin Natin Ito



Nabigyan ng pansin ni ***Manuel L. Quezon*** ang pangangailangan ng pambansang wika. Naniniwala siya na ang pambansang wika ay sumasagisag sa kalayaan ng tao, kasarinlan at pagkakaisa.

Binigyan diin niya ang pangangailangan ng pambansang wika sa pamamagitan ng pagkukuwento tungkol sa pagkakaiba ng mga wika ay nagiging sanhi ng away sa kanyang paaralan. "Dati ang mga Tagalog nakikipagaway sa mga *Ilocano*, ang *Kapampangan sa mga Bisaya, at ang mga Bisaya sa mga Tagalog, at iba pa, dahil hindi sila nagkakaintindihan"*.

May mga pananaliksik na ginawa sa iba't ibang wika ng Pilipinas para malaman kung alin ang dapat maging batayan ng pagtatatag ng pambansang wika.



## Pag-isipan Natin Ito

Sa pagpili ng wikang gagamitin bilang batayan ng pambansang wika, ang mga sumusunod ay isinaalang-alang:

- Alin ang wikang may pinaka-maunlad na kayarian?
- Alin ang wikang ginagamit sa pagsasalita ng nakararaming Pilipino?

Alin ang wika sa palagay mo ay napiling batayan ng pambansang wika? Bakit? Maari mong sulatin ang iyong sagot sa ibaba.

________________________________________________________________________________
________________________________________________________________________________
________________________________________________________________________________

Ihambing ang iyong sagot sa halimbawang sagot na ibinigay sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 41.



## Basahin Natin Ito

Paano napasulong ang ating pambansang wika? Magbasa ng malaman!

Ang ***Tagalog*** ang napili bilang batayan ng ating pambansang wika. Ito ay napili dahil sa ito ay may maunlad na kayarian at saka pinaka-marami ang nagsasalita nito. Noong ***Disyembre 31, 1937***, ipinahayag ni **Pangulong Manuel Quezon** ang wika batay sa Tagalog na siyang Pambansang Wika ng Pilipinas at ang **Agosto 13-19** bilang Linggo Ng Wika. Dahil sa sikap niyang maitaguyod ang ating pambansang wika, siya ay pinarangalan bilang ***Ama Ng Pambansang Wika***.

Ang ***1987 Konstitusyon*** ay nagpahayag ng "ang pambansang wika ng Pilipinas ay *Pilipino*. Habang ito ay sumusulong, ito ay lalo pang pauunlarin at pagyayamanin, na ang batayan ay ang mga buhay na wikang Pilipino at iba pang wika (tulad ng *Ilocano, Cebuano, Ingles , Kastila at iba pa*.)". Ang pambansang wika ay gumamit ng salitang

hango sa iba't ibang wika tulad ng *bana* (Cebuano) at *mesa* (Kastila). Nang lumaon, si ***Pangulong Fidel Ramos*** ay naghayag na ang *Agosto* bilang ***Buwan ng Pambansang Wika***.

## Tandaan Natin

- Ang ***pambansang wika*** ay mahalagang sagisag ng kalayaan ng bansa, kasarinlan at pagkakaisa.
- Mahalaga na mayroon tayong **isang** pambansang wika para pagisahin ang mga Pilipino sa buong bansa.
- Si ***Manuel Quezon*** ang ama ng Pambansang wika.
- Ang ating pambansang wika ay ***Pilipino***.
- Ang ***Agosto*** ang Buwan ng Pambansang wika.

## Alamin Natin ang Iyong mga Natutuhan

Sagutin ang payak na pagsasanay sa ibaba para malaman kung gaano na ang mga natutuhan sa araling ito. Lagyan ang patlang ng mga tamang sagot.

1. Ang pambansang wika ng Pilipinas ay ____________________________.
2. May mahigit na 150 na ____________________________ sa Pilipinas.
3. Mayroong ____________________________ na malalaking wika sa Pilipinas.
4. Ang mga katutubong nagsasalita ng malalaking wikang ito ay binubuo ng ____________________________ na bahagi ng mga mamamayan.

5. Hindi hinangad ng mga Kastila ang isang _________________________ na patakaran. Pinukaw nila ang kalooban ng mga Pilipino na gumamit ng iba't ibang wika.

6. Nang sakupin ng mga Amerikano ang Pilipinas, ginawa nilang _________________________ ang wikang gagamitin sa mga paaralan at pamahalaan.

7. Ang isang kumilala sa pangangailangan ng isang pambansang wika ay si _________________________.

8. Ang napiling wika bilang batayan ng ating pambansang wika ay ang _________________________.

9. Si Manuel Quezon ay pinarangalan bilang _________________________.

10. Ang buwan ng _________________________ ay ipinahayag bilang Buwan ng Pambansang Wika.

Ihambing ang inyong sagot doon sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina __.

Gaano ka kahusay? Nakuha mo bang lahat ang tamang sagot? Kung tama lahat ang sagot mo, binabati kita! Ibig sabihin nito ay marami kang natutuhan sa araling ito.

Kung ang iskor mo ay 8 o 9, iyan ay mabuti! Kailangan na lang ay ibalik aral mo mahihirap na bahagi ng araling ito.

Subalit kung ang iskor mo ay 7 o mas mababa pa, kailangan mong ibalik aral ang buong aralin para maintindihan mong maigi.



## Ibuod Natin

- Ang pambansang watawat, ang pambansang awit at ang pambansang wika  ang tatlong pinakamahalagang simbolo ng ating bansa.
- Ito ay sumasagisag ng ating pambansang kalayaan, kasarinlan at pagkakaisa.
- Ang ating pambansang watawat ay sumasagisag ng pakikipaglaban ng mga Pilipino para makamit ang kasarinlan.
- Ang ating pambansang wika, Pilipino, ay mahalaga dahil ito ang nagbibigkis sa mga Pilipino sa buong kapuluan.
- Si Pangulong Manuel Quezon ay siyang kinikilalang "Ama ng ating Pambansang Wika "dahil sa kanyang sikap na mapalago ang pambansang wika.
- Ang "Lupang Hinirang" na ating pambansang awit ay batay sa *Marcha Nacional Filipina* na nilikha ni Julian Felipe.
- Sinulat ni Jose Palma ang titik ng ating pambansang awit.
- Kailangan nating igalang ang pambansang simbolo at alalahanin ang mga taong nasa likod nito.



## Anu-ano Na ang Natutuhan Mo

Kumuha ng pagsusulit na nasa ibaba para malaman kung gaano na ang iyon kaalaman sa araling ito. Bilugan ang titik ng tamang sagot.

1. Ang asul na bahagi ng pambansang watawat ng Pilipinas ay kumakatawan sa ________________________.

   a. katahimikan

   b. katapangan

   k. kalinisan

   d. pagkaka-pantay pantay

2. Ang pulang bahagi ng pambansang watawat ng Pilipinas ay kumakatawan sa ________________________.

   a. katahimikan

   b. katapangan

   k. kalinisan

   d. pagkaka-pantay pantay

3. Ang mga sinag ng araw sa pambansang watawat ng Pilipinas ay sumasagisag sa ________________________.

   a. Luzon, Bisaya at Mindanao

   b. Katarungan

k. kahandaan ng mga Pilipinong mamatay para sa kaniyang bayan.

d. ang unang walong lalawigan na lumaban sa Kastila.

4. Ang ________________________ ay kumakatawan sa Luzon, Bisaya at Mindanao.

a. tatlong kulay

b. tatlong bituin

k. tatlong sinag

d. tatlong bahagi

5. Ang lumikha ng Marcha Nacional Filipina ay ________________________.

a. Julian Felipe

b. Jose Abad Santos

k. Julian Palma

d. Emilio Aguinaldo

6. Ang lirika ng pambansang awit ng Pilipinas ay sinulat ni ________________________.

a. Julian Felipe

b. Jose Palma

k. Julian Palma

d. Emilio Aguinaldo

7. Ang unang lirikong Kastila ay isinalin sa Pilipino ni ________________________.

a. M.A. Lane

b. Camilo Osias

k. Jose Palma

d. Felipe de Leon

8. Ang pambansang wika ng Pilipinas ay ________________________.

a. Pilipino

b. Pilipina

k. Tagalog

d. Ingles

9. Ang Ama ng Pambansang Wika ay si ________________________.

a. Manuel Roxas

b. Manuel Quezon

k. Emilio Aguinaldo

d. Fidel Ramos

10. Ang Buwan ng Pambansang Wika ay ipinagdiriwang kung buwan ng _______________________.

   a. Setyembre

   b. Hunyo

   k. Agosto

   d. Disyembre

Ihambing ang inyong mga sagot doon sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 41-42.

Gaano ka kahusay? Nakuha mo bang lahat ang tamang sagot? Kung tama lahat ang sagot mo, binabati kita! Ibig sabihin ay marami kang natutuhan sa modyul na ito.

Kung ang iskor mo ay 8 o 9, ‘yan ay mabuti! Kailangan mo na lang ibalik aral ang bahagi na nakita mong mahirap sa modyul na ito.

Subalit, kung ang iskor mo ay 7 o mas mababa, kailangan mong ibalik aral ang buong modyul. Mas lao nilang matututuhan ang mga simbolo ng ating bansa.

## Batayan sa Pagwawasto

### A. Anu-ano Na Ang Mga Natutuhan Mo (*pahina* __)

__(k)__ 1. Si **Emilio Aguinaldo** ang nag-dibuho ng unang watawat ng Pilipinas.

__(k)__ 2. Si **Marcela Agoncillo** ang nagtahi ng unang watawat ng Pilipinas.

__(a)__ 3. Ang tatlong bituin sa ating pambansang watawat ay kumakatawan sa **Luzon**, **Bisaya at Mindanao**.

__(k)__ 4. Si **Julian Felipe** ang lumikha ng himig ng pambansang awit ng Pilipinas.

__(a)__ 5. Si **Jose Palma** ang sumulat ng liriko ng pambansang awit ng Pilipinas.

__(b)__ 6. Ang pambansang awit ay pinamagatang "**Lupang Hinirang**".

__(k)__ 7. Ang **Tagalog** ang napiling batayan ng pambansang wika.

__(a)__ 8. Si **Manuel Quezon** ang kinikilalang "Ama ng Pambansang Wika".

__(b)__ 9. Para magkaroon ng pagkakaisa, mahalaga na mayroong **pambansang wika**.

__(a)__ 10. Ang ***Pilipino*** ang pambansang wika ng Pilipinas.

### B. Aralin 1

*Pagisipan Natin Ito (pahina __)*


*Halimbawang Sagot:* Kung ako si Marcela Agoncillo, tatahiin ko ang unang watawat ng Pilipinas. Makakagawa ako ng mahalagang bagay para sa aking bansa.

*Magbalik Aral Tayo (pahina __)*

A.

| A | B |
|---|---|
| Bughaw na bahagi | unang walong lalawigan na lumaban sa Kastila |
| Bituin | katahimikan, katotohanan at katarungan |
| Pulang bahagi | pagka-makabayan at katapangan |
| Walong sinag ng araw | tatlong malalaking isla ng Pilipinas |
| Tatsulok na may parehas na gilid | pagka-pantay pantay ng mga Pilipino |

B.



*Alamin Natin Ang Iyong Natutuhan (pahina __)*

1. watawat ng Pilipinas
2. Felipe Agoncillo
3. Marcela Agoncillo
4. bughaw
5. katarungan
6. pula
7. pagka-makabayan
8. tatsulok
9. tatlong malalaking isla
10. (walo) sinag ng araw

## K. Aralin 2

*Pagisipan Natin Ito (pahina __)*

*Halimbawang sagot:* Oo, nakaawit ako ng pambansang awit. Ang ating pambansang awit ay nagsasaad ng ating pagmamahal sa ating bayan at ang kahandaang mamatay para sa kalayaan. Nararamdaman ko habang umaawit ako ng *Lupang Hinirang* dahil napatunayan ko ang kahalagahan ng kalayaan.

*Pagisipan Natin Ito (pahina __)*

*Halimbawang Sagot:* Naisip ko na ang Marcha Nacional Filipina ay naging Lupang Hinirang ng ang mga liriko (salita) ay isinulat para sa martsa at pagkatapos ay isinalin sa Pilipino.

*Pagisipan Natin Ito (pahina __)*

*Halimbawang Sagot:* Pag may nagpatigil sa akin sa pagawit ng pambansang awit, ipagpapatuloy ko pa rin ang pagawit nito. Maski sino ay walang karapatan na patigilin ako sa pagawit ng pambansang awit ng Pilipinas. Ang pagawit ng pambansang awit ay pagpapahayag ng aking pagka makabayan at pagmamahal sa aking bansa.

*Subukan Natin Ito (pahina __)*

*Bayang magiliw,*
***Perlas** ng Silanganan,*
***Alab** ng puso,*
*Sa dibdib mo'y buhay.*

*Lupang **Hinirang,***
*Duyan ka nang **magiting,***
*Sa **manlulupig,***
*Di ka pasisiil.*

*Sa **dagat** at **bundok,***
*Sa simoy at sa **langit** mong bughaw*
*May **dilag** ang tula*
*At awit sa **paglayang** minamahal.*

*Alamin Natin Ang Iyong Natutuhan (pahina __)*

1. *Lupang Hinirang*
2. Julian Felipe
3. Cavite
4. *Marcha Nacional Filipina*
5. Hunyo 12, 1898
6. Kasarinlan
7. Jose Palma
8. *Filipinas*
9. Ingles
10. Felipe de Leon

## K. Aralin 3

*Pagisipan Natin Ito (pahina __)*

*Halimbawang sagot:* Bukod sa Tagalog, marunong din akong magsalita ng Ilocano at Bicolano. Ang Tagalog ang wikang ginagamit namin sa aming tahanan. Ito rin ang wikang ginagamit ko sa pakikipagusap ko sa aking mga kaibigan.

*Subukan Natin Ito (pahina __)*

| | |
|---|---|
| Tagalog | Naga |
| Cebuano | Iloilo |
| Ilocano | Isabela |
| Hiligaynon | Pangasinan |
| Bicolano | Samar |
| Waray | Cebu |
| Kapampangan | Batangas |
| Pangasinan | Pampanga |

*Subukan Natin Ito (pahina __)*

*Halimbawang Sagot:* Mahalaga na mayroon tayong isang pambansang wika lamang para pagisahin ang mga Pilipino sa buong Pilipinas. Ang iba’t ibang wika ay maaaring pukawin ang pagkakaroon ng di-pagkakasundo pang rehiyon at di-pagkakaisa ng mga Pilipino.

*Pagisipan Natin Ito (pahina __)*

*Halimbawang Sagot:* Ayaw kong ang Kastila o Ingles ang maging pambansang wika. Ang mga wikang ito ay hindi katutubo sa Pilipinas. Ang ating pambansang wika ay kailangang katutubong wika.

*Pagisipan Natin Ito (pahina __)*

*Halimbawang Sagot:* Sa palagay ko ang Tagalog ang napili dahil pinakamaraming Pilipino ang nagsasalita ng wikang ito at mas maunlad ang kayarian nito.

*Alamin Natin Ang Iyong Natutuhan (pahina __)*

1. Filipino
2. mga wika
3. walo / 8
4. walumpo / 80
5. isang wika
6. Ingles
7. Manuel Quezon
8. Tagalog
9. Ama ng Pambansang Wika
10. Agosto

## D. Anu-ano Ang Mga Natutuhan Mo? *(pahina __)*

1. (**a**) Ang bughaw na bahagi ng pambansang watawat ng Pilipinas ay kumakatawan sa <u>kapayapaan.</u>
2. (**b**) Ang pulang bahagi ng pambansang watawat ng Pilipinas ay kumakatawan sa <u>katapangan.</u>
3. (**d**) Ang mga sinag ng araw sa pambansang watawat ng Pilipinas ay kumakatawan sa <u>unang walong lalawigan na lumaban sa Kastila.</u>

4. (**b**) Ang tatlong bituin ay kumakatawan sa Luzon, Bisaya at Mindanao.
5. (**a**) Ang lumikha ng Marcha Nacional Filipina ay si Julian Felipe.
6. (**b**) Ang liriko ng pambansang awit ng Pilipinas ay isinulat ni Jose Palma.
7. (**d**) Ang unang lirikong Kastila ay isinalin sa Pilipino ni Felipe de Leon.
8. (**a**) Ang pambansang wika ng Pilipinas ay Pilipino.
9. (**b**) Ang Ama ng Pambansang Wika ay si Manuel Quezon.
10. (**c**) Ang Buwan ng Pambansang Wika ay ipinagdiriwang sa buwan ng Agosto.

## Talahuluganan

**Sugo** Ang taong ipinadala bilang punong kinatawan ng kanyang pamahalaan sa ibang bansa.

**Pagsusuri** Ang pagsisiyasat sa isang bagay para malaman kung paano ito ginawa o kung paano ito gamitin o kung ano ito.

**Imno** Isa itong pangmakabayang awit ng pagpupuri at pagmamahal sa isang bansa

**Masdan** Pagmasdan

**Mananakop** Isang pulotong ng mga tao na nagtatag ng pananakop sa ibang bansa.

**Diyalekto** Isang uri ng wika na ginagamit sa isang tiyak na rehiyon.

**Destiyero** Ipadala o piliting paalisin ang isang tao mula sa kaniyang bansa; sapilitang pagtira sa ibang bansa.

**Mananakop** Ang mga taong pumapasok ng sapilitan sa isang lugar.

**Libertad** Kalayaan

**Manlilikha ng awit** Isang taong sumusulat ng liriko

**Taong bayan** Karaniwang tao

**Idalgo** Mayroon ugaling pino

**Rebolusyonary** Kaugnay sa rebolusyon

**Sagrado** Karapatdapat na igalang at ipagdangal

**Dalubhasa** Sanay; mahusay na gumawa ng isang bagay

**Kayarian** Ito ay ang paraan ng pagkagawa o kung paano ang mga bahagi ay pinagsamasama

**Sinisimbolo** Sinasagisag; kumakatawan sa isang bagay

**Pagkakaisa** Pakikiisa o katayuan bilang isa

## Mga Sanggunian


Constantino, Ernesto. *Current Topics in Philippine Linguistics*. <http:www.geocities.com/highhai 2000/philippine.htm>. November 15, 2000, date accessed.

Ethnologue:Areas:Asia.Philippines. <http:/www.sil.org/ethnologue/countries/Phil.html>. November 15, 2000, date accessed.

History of the National Flag. <http://www.csulb.edu/~kalayaan/filipinoArticle.html>. November 20, 2000, date accessed.

*Philippines*. <http://www.crwflags.com/fotw/flags/ph.hmtl>. November 20, 2000, date accessed.

Philippine Embassy. *The Phillipine Flag*. <http://www.philembassy.au.com/phils.htm>. November 22, 2000, date accessed.

Pineda, Pociano B. P.. *Evolving a Pilipino Language Model: Nuclues for the Cultivation of Filipino.* Linangan ng Mga Wika sa Pilipinas; Pasig, Metro Manila, 1988.

Pilipino, Tagalog, Ilocano. Pilipino – *The National Language of the Philippines*. <http://www.neosplice.com/~ailanto/pilipino.htm>. April 19, 2001, date accessed.

Rubrico, Jesse Grace U.. *The Methamorphosis of Filipino as National Language*. <http://www.geocities.com/CollegePark/field/4260/fil-met.htmlU>. October 24, 2000, date accessed.

*The Languages of the Philippines*. <http//www.geocities.com/College Park/Field/4260/fil_lang.html>. October 24, 2000, date accessed

*The Philippine Flag* <http://www.geocities.com/CollegePark/Field/4260/papers_current.html.>. November 6, 2000, date accessed.

*The Philippine Flag a symbol of the Filipinos*. <http://members.spree.com/multiverse/philippines/flag.htm>. November 24, 2000, date accessed.